# NAPLAN 2026
# Ang student report ng bawat mag-aaral
## Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga



Ang NAPLAN ay isang pambansang pagtatasa ng pagbasa't pagsulat at pagbilang (national literacy at numeracy assessment) na isinasagawa ng mga mag-aaral sa Year 3, 5, 7 at 9. Ito ang tanging pambansang pagtatasa na kukunin ng lahat ng mga batang Australyano. Ang mga kasanayan sa pagbasa't pagsulat at pagbilang ay mga napakamahalagang pundasyon para sa lahat ng pagkatuto at para sa kakayahang makilahok nang kapaki-pakinabang sa lipunan. Tinatasa ng mga tanong sa NAPLAN ang nilalaman na nakahanay sa Kurikulum ng Australya sa Ingles at Matematika.

Ang mga pagsusulit sa NAPLAN ay isa lamang na aspeto ng proseso sa pagtatasa at pag-uulat sa bawat paaralan. Dahil ginaganap ang mga ito nang isang beses lamang bawat 2 taon sa bawat mag-aaral, hindi mapapalitan nito ang malawakan, patuloy na mga pagtatasa na isinasagawa ng mga guro tungkol sa pagganap ng mag-aaral. Ang guro ng iyong anak ay may pinakamahusay na pag-unawa sa pagkatuto ng edukasyon ng iyong anak. Kasama ng iba pang mga ulat sa pagtatasa ng paaralan, ang mga NAPLAN report ng bawat mag-aaral ay maaaring gamitin upang talakayin ang progreso ng iyong anak sa kanilang guro.

## Paano tinatasa ng NAPLAN ang mga mag-aaral?

Ang mga pagsusulit ng NAPLAN ay inihahatid online sa mga paaralan ng buong Australya sa Marso ng bawat taon. Ang mga pagtatasang tanong sa online ay inaakma sa mga tugon ng bawat mag-aaral, kaya nagbibigay ito ng mas tumpak na mga resulta at mas nakakaengganyong karanasan ng pagsusulit para sa mga mag-aaral.

Ang mga tanong sa NAPLAN ay karamihang nakabatay sa kaalaman at kasanayan sa pagbasa't pagsulat at pagbilang na natutunan ng mga mag-aaral mula sa mga nakaraang taon ng pag-aaral. Tinatasa ng ilang tanong ang nilalaman (content) sa taon ng pagsusulit at ang kasunod na taon. Ang mga tanong ay dinisenyo upang masagot ang mga ito gamit ang mga estratehiyang natutunan ng mga mag-aaral sa nakaraang taon. Tinitiyak nito na maipapakita ng mga mag-aaral na may iba't ibang kakayahan ang kanilang maaaring gawin.

Ang detalyadong impormasyon sa kaalaman at mga kasanayang sinusukat sa NAPLAN ay makukuha sa [www.nap.edu.au](http://www.nap.edu.au).

## Mga bagong pamantayan sa Kahusayan (proficiency)

Ang mga resulta ng NAPLAN ay iniuulat laban sa mga pamantayan sa kahusayan na nagbibigay ng maliwanag na impormasyon tungkol sa tagumpay ng mag-aaral. Ang mga pamantayan ay itinalaga sa mapanghamon ngunit makatwirang lebel na inaasahan para sa mag-aaral sa panahon ng pagsusuri sa NAPLAN, na pangunahing nakabatay sa mga itinuro sa mga nakalipas na taon ng pag-aaral.

Kasama sa sa mga batayan ng kahusayan ang 4 na antas ng kahusayan:

- **Lumalampas (Exceeding):** Ang resulta ng mag-aaral ay lumampas sa mga inaasahan sa panahon ng pagsusulit.
- **Malakas (Strong):** Ang resulta ng mag-aaral ay nakakatugon sa mapaghamon ngunit makatwirang mga inaasahan sa panahon ng pagsusulit.
- **Umuunlad (Developing):** Ang resulta ng mag-aaral ay nagpapahiwatig na siya ay nagsisikap para makamit ang mga inaasahan sa panahon ng pagsusulit.
- **Nangangailangan ng karagdagang suporta (Needs additional support):** Ang resulta ng mag-aaral ay nagpapahiwatig na hindi niya nakakamit ang mga resulta ng pagkatuto na inaasahan sa panahon ng pagsusulit. Malamang na kailangan niya ng karagdagang suporta upang umunlad nang kasiya-siya.

Ang pahina 4 ng report sa indibidwal na mag-aaral ay nagbibigay ng mas detalyadong buod tungkol sa nalalaman at nagagawa ng mga mag-aaral sa bawat antas ng kahusayan (proficiency level). Makukuha ang karagdagang impormasyon sa [www.nap.edu.au](http://www.nap.edu.au).

## Paano natukoy ang mga antas ng kahusayan?

Tinukoy ng mga lupon ng mga dalubhasang guro ang mga antas ng kahusayan kumpara sa mga inaasahan sa pagkatuto para sa bawat larangan na tinatasa (assessment area) at antas ng taon. Ang input ng magulang at tagapag-alaga sa mga report ng mag-aaral ay ibinigay din sa pamamagitan ng mga focus group at mga pambansang samahan ng mga magulang.

## Pagbasa ng NAPLAN report

Ang NAPLAN report ay nagpapakita ng iskala ng kahusayan (proficiency scale) sa bawat assessment area (pagbilang, pagbasa, pagsulat, pagbaybay at gramatika't pagbantas) kung saan ang resulta ng mag-aaral ay ipinapakita bilang isang itim na tuldok sa iskala.

Ang report ay nagpapakita ang nagawa ng bawat bata kumpara sa pambansang average para sa kanilang taon (ipinapakita bilang isang itim na tatsulok) at ang saklaw (range) ng nakamit para sa gitnang 60% ng mga mag-aaral sa kanilang antas ng taon (ipinapakita bilang bahagyang diniliman na parihaba).

Ang NAPLAN ay isang mahalagang kagamitan na makapagbibigay ng mga kapaki-pakinabang na pananaw sa pagganap ng isang mag-aaral, ngunit ang mga indibidwal na report ay dapat bigyang-kahulugan nang maingat dahil ipinapakita nito ang pagganap ng mag-aaral sa araw ng pagsusulit, hindi ang kabuuang sukat ng kanyang kabuuang pagkakatuto. Ito ay mahalaga para sa mga resulta ng pagsusulat sa 2026 dahil nakaranas ang ilang mga mag-aaral ng mga pagkaantala sa panahon ng pagsusulit sa pagsusulat sa online dahil sa mga isyu ng koneksyon. Ang guro ng iyong anak ang siyang may pinakamahusay na pananaw sa progreso ng pag-aaral ng iyong anak.



Translation © VCAA

## Paano kung sinabi sa report ng aking anak na kinuha nila ang kanilang pagsusulit sa papel?

Habang ang NAPLAN ay isang online na pagsusulit, may maliit na bilang ng mga kalagayan kung saan maaaring kumpletuhin ng mga mag-aaral ang mga pagsusulit sa papel. Kabilang dito kung:

- ang mga paaralan ay gumagamit ng isang kinikilalang alternatibong kurikulum
- ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng mga pagsusulit sa papel sa dahilang mas madali itong kunin (accessibility reasons)

Palaging kinukumpleto ng mga mag-aaral sa Year 3 ang kanilang mga pagsusulit sa pagsulat sa papel.

## Maaari ko bang ihambing ang pagganap ng aking anak sa mga nakaraang NAPLAN report?

Ang mga resulta mula 2023 at patuloy ay hindi maaaring ikumpara nang direkta sa mga resulta mula noong 2008 hanggang 2022. Ito ay dahil ang isang bagong iskala ng pagsukat na mas angkop sa mga online na pagsusulit ay sinimulan kasama ng mga bagong pamantayan, at dahil ang mga pagsusulit ay inilipat sa Term 1 mula sa Term 2.

Ang mga mag-aaral sa Year 5, 7 at 9 ay nakakumpleto na ng 2 serye (cycles) ng NAPLAN sa loob ng bagong kaayusan sa pag-uulat. Nangangahulugan nito na ang mga magulang at tagapag-alaga ay maaaring gumamit sa mga natanggap nilang ulat ng bawat mag-aaral noong 2024 at 2026 upang maikumpara ang antas ng kahusayan ng kanilang anak.

Ang mga resulta ng isang mag-aaral kumpara sa pangkaramihan sa bansa (national average) at ang mga nasa gitnang 60% ng mga mag-aaral ay maaari ring ikumpara sa buong 2024 at 2026.

Habang dumadaan ang mga mag-aaral sa mga taon ng NAPLAN, ang mga kasanayan at mga pag-unawa na kinakailangan upang makamit ang bawat antas ng kasanayan ay humihirap. Ang isang mag-aaral na nakakamit ng parehong antas ng kahusayan sa mga magkakasunod na taon, na katulad ng sa Year 3 at Year 5, ay maaari pa ring umuunlad.

## Paano tinutulungan ng NAPLAN ang aking anak?

Ang NAPLAN ay nagbibigay-daan sa mga magulang at tagapag-alaga na makita kung paano gumanap ang kanilang anak sa pagbasa't pagsulat at pagbilang kumpara sa mga pambansang pamantayan. Ang nakamit ng iyong anak ay maihahambing sa pambansang average ng lahat ng mga mag-aaral sa kaparehong taon at kumpara sa mga antas ng kahusayan.

Ang mga resulta ay makakatulong sa mga magulang, tagapag-alaga at mag-aaral na talakayin sa mga guro ang pag-unlad ng indibidwal na mag-aaral.

## Ano ang ibig sabihin ng mga resultang ito sa kinabukasan ng aking anak?

Ang mga resulta ng NAPLAN ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga kasanayan sa pagbasa't pagsulat at pagbilang na natututunan ng iyong anak sa kanyang regular na kurikulum sa paaralan. Ang mga resulta ay idinadagdag sa iba pang mga pagtatasa na ginagawa ng iyong anak sa paaralan, na nagbibigay sa iyo at sa mga guro ng iyong anak ng pag-unawa sa mga nakamit ng iyong anak sa panahon ng mga pagsusulit. Ang impormasyon ay maaaring gamitin upang suportahan ang iyong anak na gawin ang kanilang buong makakaya.

May mga paaralan na maaaring humingi ng mga NAPLAN report, bukod pa sa mga report ng paaralan, bilang bahagi ng proseso ng pagtanggap sa kanilang paaralan. Ang NAPLAN ay hindi dinisenyo upang maging isang pagsusulit sa pagpasok sa paaralan. Gayunpaman, ang mga resulta ay maaaring mapakikinabangan para ipaalam sa bagong paaralan ang mga pangangailangan sa pag-kakatuto ng isang mag-aaral.

## Paano tinutulungan ng NAPLAN ang paaralan ng aking anak?

Ang NAPLAN ang tanging pambansang pagtatasa na kukunin ng lahat ng mga batang Australyano. Tumutulong ito sa:

- mga guro upang matukoy ang mga mag-aaral na nangangailangan ng mas malalaking hamon o karagdagang suporta
- mga paaralan upang matukoy ang mga kalakasan at ang mga larangan ng pangangailangan sa mga programa ng pagtuturo
- mga paaralan upang magtakda ng mga layunin sa pagbasa't pagsulat at pagbilang
- mga sistema ng paaralan upang suriin ang mga programa at suporta na inaalok sa mga paaralan.

Ang NAPLAN ay nagbibigay din ng datos na maihahambing sa buong bansa upang matulungan ang mga pamahalaan na matingnan kung paano gumagana ang mga programa sa edukasyon at kung natutugunan ng mga mag-aaral ang mahahalagang mga pamantayan sa pagbasa't pagsulat at pagbilang.

## Sino pa ang makakakita sa mga resulta?

Bawat taon, ang mga awtoridad sa pangangasiwa ng pagsusulit ay nagbibigay sa mga paaralan ng mga resulta para sa lahat ng mag-aaral na kumuha ng NAPLAN. Hinihikayat ang mga paaralan na gamitin ang mga resulta upang magagamit sa kanilang pagpaplano para sa ikabubuti ng buong paaralan.

Ang mga report sa bawat mag-aaral ay kumpidensyal. Walang sinuman maliban sa inyong lokal na awtoridad sa pangangasiwa ng pagsusulit at kawani sa paaralan ng iyong anak ang makakakita sa report ng iyong anak.

Ang average na mga resulta ng paaralan ay iuulat sa publiko sa My School sa www.myschool.edu.au. Ang website ay maa-update kasama ng mga resulta ng bawat taon sa pagtatapos ng taon. Ang mga resulta ng iyong anak ay hindi makikita sa My School.


Translation © VCAA